Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
DIVISION OF CEBUPROVINCE
Sudlon, Lahug, CebuCity

**Hunyo 4, 2015**

**Pansangay na Memorandum**
**Blg. 296, s. 2015**

**ULIRANG GURO SA FILIPINO 2015 NG KOMISYON NG WIKANG FILIPINO (KWF)**

**Para sa: Assistant Superintendent**
**Education Supervisors/Coordinators**
**District Supervisors/OICs**
**Elementary and Secondary School Heads**

1. Kalakip ay Memorandum Pangkagawaran Blg. 53, s. 2015 na may petsang Hunyo 1, 2015 at pinamagatang **"Ulirang Guro sa Filipino 2015 ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF)"** para sa impormasyon at gabay ng lahat ng kinauukulan.

2. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ARDEN D. MONISIT, Ed.D.**
**Schools Division Superintendent**

Telephone Numbers:

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent: | (032) 255-6405 |
| Asst. Schools Division Superintendent: | (032) 414-7457 |
| Accounting Section: | (032) 254-2632 |
| Disbursing Section: | (032) 255-4401 |
| Admin/Legal: | (032) 253-7847 |
| Promotional Staff Section: | (032)520-3217 |

Website : www.depedcebuprovince.com
E-mail Add : depedcebuprovince@yahoo.com

Republic of the Philippines
# Department of Education

01 JUN 2015

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. **53** , s. 2015

**ULIRANG GURO SA FILIPINO 2015 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO (KWF)**

Sa mga : Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay muling magsasagawa ng timpalak para sa gawad na **Ulirang Guro sa Filipino 2015**.

2. Ang layunin ng timpalak ay mabigyan ng karampatang pagkilala ang mga guro na masidhi ang dedikasyong maipalaganap ang kaalaman gamit ang wikang Filipino.

3. Ang timpalak ay bukas sa mga guro sa Filipino. Maaaring magpasa ang paaralan ng higit pa sa isang nominasyon.

4. Kalakip nito ang mga tuntunin sa pagpili ng Ulirang Guro sa Filipino 2015.

5. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay **Bb. Maria Christina Pangan** sa telepono: (02) 736-2519 o mag-email sa pangan.christina@gmail.com o sa **Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)**, Komisyon sa Wikang Filipino, 2/F Watson Building, 1610 JP Rizal Street, San Miguel, Maynila o mag-email sa komfil.gov@gmail.com.

6. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**
Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran: Blg. 64, s. 2014

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONTESTS
Learning Area, FILIPINO
SEARCH
TEACHERS

Alma/ DM Ulirang Guro sa Filipino 2015
0284-May 19, 2015

Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg.: 53, s. 2015

**Tuntunin sa Pagpili ng *Ulirang Guro sa Filipino* 2015**

1. Bukas ang timpalak sa mga guro sa Filipino, maliban sa mga kawani ng KWF at mga director ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), at kanilang mga kaanak hanggang ikalawang digri.

2. Ang mga nominado ay kinakailangan magtaglay ng mga sumusunod na katangian:

    a. May hawak na kaukulang lisensiya (LET, atbpa.), full-time at permanenteng *status;*

    b. Nakapaglingkod nang tatlo o higit pang taon bilang guro sa Filipino o mga kaugnay na disiplina na ang gamit ay Filipino bilang wikang panturo sa anumang antal ng edukasyon at may antas ng kahusayan (*performance rating*) na hindi bababa sa *Very Satisfactory* sa buong panahon ng paglilingkod;

    c. Nakapag-ambag sa pagpapalaganap ng wikang Filipino sa rehiyon sa pamamagitan ng pananaliksik, publikasyon, seminar, pagsasanay, palihan, at iba pang katulad na aktibidad;

    d. Nanguna sa pagpapahalaga sa pamanang pangwika sa pangkultura ng Filipinas kaagapay ng pagtataguyod at pagpapaunlad sa wikang Filipino;

    e. Nakatanggap ng parangal at/o iba pang gawad kaugnay ng kanyang propesyon (opsiyonal); at

    f. Rekomendasyon mula sa *immediate superior* ng kaniyang paaralan na nagpapatunay ng kagalingan bilang guro sa Filipino na may makabansa at makataong kamalayan.

3. Maaaring magpasa ang paaralan ng higit sa isang nominasyon. Ang bawat nominasyon ay kailangang mailakip sa isang long brown envelope na maglalaman ng sumusunod:

    a. pormularyo para sa nominasyon;

    b. rekomendasyon ng *immediate superior* ng paaralan; at

    c. folio ng mga katibayan ng pagkilala, gawad, publikasyon, at mga naiwagawang seminar, palihan, at mga proyektong may kaugnayan sa wika at kultura.

4. Maaaring ipadala sa tanggapan ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK) sa bawat rehiyon ang mga nominasyon. Ang huling araw ng pagpapadala ay sa Hulyo 3, 2015 (5:00 n.h.). Hindi na maiuurong ang mga SWK nang hindi lalampas sa petsang nabanggit.

5. Makatatanggap ng medalya at katibayan ng pagkilala ang mapipiling *Ulirang Guro sa Filipino.*

6. Ang pasiya ng inampalan ay pinal at hindi na mababago. Lahat ng lahok, nanalo man o natalo, ay hindi na ibabalik ng KWF.

7. Para sa karagdagang detalye, maaaring tumawag sa Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN) sa telepono: (02) 736-2519 o mag-email sa komfil.gov@gmail.com.